


**PAX SILICA,
IMPERYALISTANG
DIGMAAN,
AT SOSYALISTANG
TINDIG SA
ARTIFICIAL
INTELLIGENCE**

**BY SONNY
MELENCIO, CHAIR,
PLM**



I. Pax Silica: geoeconomic, geopolitical, at geomilitary project ng imperyalismong U.S.

A. Ano ang Pax Silica?

- Ang Pax Silica ay proyekto at inisyatibang pinamumunuan ng U.S na inilunsad noong December 2025 para palakasin ang kontrol at impluwensiya nito sa industriya ng artificial intelligence (AI), semiconductor, critical mineral, energy, at iba pang abanteng teknolohiya.
- Programa ito para sa seguridad ng supply chains, technological cooperation, at economic development. Bahagi ito ng mas malawak na strategy* ng imperyalismong U.S. para mapanatili ang pandaigdigang pamumuno nito sa harap ng lumalakas na kompetisyon sa China.
- Ang AI ay mahalagang larangan ng akumulasyon ng kapital, pagtaas ng productivity, kontrol sa impormasyon, at paggawa ng makabagong sandata. Ang kompetisyon sa AI ay hindi lamang tunggalian ng mga korporasyon kundi tunggalian din ng mga makapangyarihang estado.

Regional Balance of Power na minimintina ng U.S. geostrategy

1. Western Hemisphere: neighboring countries ng Latin America, Bahamas – sa ilalim ng Trump's Monroe Doctrine
2. Indo-Pacific (Indian Ocean, Pacific Ocean, East Asia, Southeast Asia)
3. Europe (sa pamamagitan ng North Atlantic Treaty Organization)
4. Middle East (pamamagitan ng Israel, Saudi Arabia, Qatar, UAE)
5. Africa (DRC [Congo; protecting critical mineral mining], Zambia, Morocco, Somalia)


Three Dimensions of U.S. geostrategy

1. Geoeconomic — pagkontrol sa pandaigdigang produksyon at strategic industries.

Access sa critical minerals, energy, advanced semiconductor, data centers, at iba pang infrastructures ng AI. Includes investments, paggamit ng export restrictions, technological advantage, at mga alyansa para alisin ang dependence sa China at limitahan ang kakayahan nitong makipagkompitensya.

Malaking konsentrasyon ng kapital at teknolohiya sa iilang korporasyon:

Ang NVIDIA ng U.S. ay pangunahing nagdidisenyo ng AI processors; ang TSMC ng Taiwan ay gumagawa ng mga advanced chip; at ang ASML ng Netherlands ay gumagawa ng mahahalagang makina para sa semiconductor manufacturing.



ASML



ASML “CLEANROOM”

- Highly-specialized engineers in white suits (like astronauts) work inside the white block, the size of a city bus, three meters tall, with conditions like the outer space. Before entering, they pass through an airshower to blow every dust particles off their suits.
- Screens display results of their work which is imperceptible to the naked eye. Droplets of molten tin shoot through a vacuum at a speed of thousands of kilometers per hour. Lasers land on perfectly smooth mirrors, with a curling pattern engraved onto a small square plate with nanometer precision. This is the extreme ultraviolet (EUV) lithography machines.
- The machine costs \$400-500 million and transported exclusively by custom-built aircraft to Taiwan (which has 100 machines)
- Taiwan’s (TSMC) creates the advanced microchips using these machines.

2. Geopolitical — pagpapanatili ng pandaigdigang impluwensiya at pagbuo ng mga alyansa.

Pinag-uugnay ng U.S. ang mga kaalyadong bansa para mapanatili ang impluwensiya sa pandaigdigang ekonomiya at hadlangan ang pag-angat ng mga estratehikong karibal, partikular ang China.

Ang relasyon ng U.S. sa Japan, South Korea, Australia, India, Pilipinas, at iba pang bansa ay mahalagang bahagi ng estratehikong kompetisyon nito sa rehiyon.

Sentral ang rehiyon ng Indo-Pacific, na sumasaklaw sa Indian Ocean, malaking bahagi ng Pacific Ocean, at mga bansang nakapaligid dito. Matatagpuan ang malalaking sentro ng produksyon, semiconductor industries, lumalaking pamilihan, at mahahalagang ruta ng pandaigdigang kalakalan tulad ng Strait of Malacca at South China Sea.

3. Geomilitary — pagpapanatili ng superyoridad at estratehikong posisyong militar.

Kabilang dito ang mga base at access agreement, deployment ng tropa, alyansang militar, at pagpapaunlad ng makabagong sandata na gumagamit ng AI, satellites, drones, cyberwarfare, at missile systems. Para sa Pilipinas: Mutual Defense Treaty (1951), VFA (1998), EDCA (2014), Mutual Logistics Support Agreement (MLSA, 2017), General Security of Military Information Agreement (GSOMIA, 2025).

Hindi isang kasunduang militar ang Pax Silica. Pero ang teknolohiyang ito ay may sibilyan at military na gamit. Kaya may kaugnayan ito sa mas malawak na estratehiya ng U.S. sa pambansang seguridad.

Ang papel ng Pilipinas

1. Noong April 16, 2026, sumali ang Pilipinas sa Pax Silica. Inihayag ang planong paggamit nito ng 4,000-acre (1,619 ektarya) na industrial at economic security zone sa Luzon Economic Corridor.
2. Mahalaga ang Pilipinas dahil sa (1) mga deposito ng kritikal na mineral sa bansa (nickel, copper, cobalt, chromite, at iba pang mineral); (2) mga umiiral nang industriya ng semiconductor assembly at electronics; (3) may estratehikong lokasyon malapit sa Taiwan at South China Sea at malaking bahagi ng rutang Indo-Pafic na kompetisyon ng U.S. at China; at (4) ang gobyerno ay sunud-sunuran sa naisin ng U.S.

Mga pagtutol sa Pax Silica

May mga pagtutol na agad nang sumalubong sa planong ito. Tumututol ang mga katutubong Aeta, magsasaka, environmental organizations, siyentipiko, mga lider-simbahan, at iba pang organisasyong sibiko. Pangunahing usapin ang mga sumusunod:

1. Pagpapalayas ng mga Aeta sa Sitio Sapang Kawayan at iba pang bahagi ng Capas, Tarlac.

Nanganganib silang mawalan ng tirahan, sakahan, at lupang ninuno. Ayon sa mga lider-Aeta, may mga nakatanggap na ng abiso mula sa Bases Conversion and Development Authority (BCDA) tungkol sa relokalasyon. Sinabi nilang hindi sila sapat na kinonsulta gayong ilang dekada nang nakabinbin ang kanilang aplikasyon para sa pormal na pagkilala sa ancestral domain.

2. Pagkawala ng lupang sakahan at kabuhayan. Nangangamba ang mga magsasaka sa mga barangay ng Sta. Lucia, O'Donnell, at Aranguren na ipatutupad sa Pax Silica ang land conversion na tutungo sa pagkawala ng mga produktibong sakahan.

3. Napakalaking konsumo ng elektrisidad. Gagamit ng 3 gigawatts ng koryente ayon sa BCDA. Aabot ito sa 26.3 terawatt-hours bawat taon. Napakalaki ng demand na ito kung ihahambing sa may 28 TWh na kinonsumo ng buong services sector ng Pilipinas noong 2024.

May epekto ito sa presyo at suplay ng elektrisidad para sa mga tahanan at lokal na industriya. Hindi kakayanin ng solar na isuplay ang kailangang enerhiya sa mabilis na paraan. Kakailanganin ng dagdag na coal, gas, o iba pang planta.

4. Napakalaking konsumo sa tubig. Tinataya ito sa 60–90 milyong litro kada araw o katumbas ng 60,000–90,000 cubic meter. Maaapektuhan ang mga ilog, groundwater, irigasyon, at suplay ng malinis na inuming tubig, kabilang ang Bangot River, na ginagamit ng mga Aeta sa pang-araw-araw na pamumuhay at pangangisda.

Mag-iipon daw ng tubig-ulan sa isang dam, ayon sa BCDA, pero hindi ito sasapat laluna sa panahon ng tagtuyot, kung saan kailangan ng mga sakahan ang tubig.

4. Pagkasira ng kapaligiran at posibleng polusyon.

Kakalibuhin o babaguhin nito ang kagubatan tungo sa pagkawala ng biodiversity dahil sa malawakang konstruksyon. May industrial wastewater at iba pang pollutants sa semiconductor at mineral-processing facilities. May electronic waste at iba pang mapanganib na basurang industriyal.

May karagdagang init, ingay, at greenhouse-gas emissions depende sa disenyo at pagkukunan ng enerhiya.

5. Pagtutol sa kontrol ng dayuhang korporasyon at U.S. strategic interests.

Hindi lamang environment ang isyu. May mas malawak na usapin ng soberanya: sino ang kokontrol sa mga lupain, mineral, enerhiya, imprastruktura, at produktong semiconductor?

Ang AI at ang teknolohiyang nilalaman nito

1. Ang Artificial Intelligence o AI ay teknolohiyang nagbibigay sa computer ng kakayahang magsuri ng impormasyon, kumilala ng mga pattern, at magsagawa ng mga gawaing karaniwang nangangailangan ng talino ng tao.
2. Ginagamit na ang AI sa medisina, edukasyon, agrikultura, industriya, komunikasyon, at transportasyon, mga syensya, pampublikong serbisyo, at gayundin sa paniniktik at operasyong militar (drone operations, surveillance, military targeting, atbp.).
3. May 'microchip war' ngayon dahil hindi gagana ang AI kung walang advanced semiconductor o microchip.
4. Ang semiconductor ang pangunahing sangkap ng mga processor na nagsasagawa ng bilyun-bilyong kalkulasyon. Samakatuwid, ang pagkontrol sa produksyon ng advanced chips ay isang mahalagang pinagmumulan ng kapangyarihang teknolohikal.
5. Ito ang pisikal at materyal na pundasyon ng AI. Pero hindi lamang ito, binubuo rin ito ng mga data center na kailangang gumamit ng malaking wattage ng koryente, cooling system na ginagamitan ng tubig, mga kailangang mineral, at paggawa ng milyun-milyong manggagawa.

AI PROCESSING: FROM MINING TO CONSUMER PRODUCTS AND MILITARY HARDWARE

1 MINING OF CRITICAL MATERIALS

Extraction of minerals needed for semiconductors, batteries, chips and data centers.



Key Materials:

- Silicon (Si) – main material for chips
- Copper (Cu) – wiring, power systems
- Lithium (Li) – batteries
- Nickel (Ni) – batteries, alloys
- Cobalt (Co) – batteries
- Rare earth elements (e.g., neodymium, dysprosium) – high-performance magnets
- Other minerals – tin, tungsten, tantalum, gold, silver, etc.

2 PROCESSING AND REFINING

Raw minerals are processed into high-purity materials for industrial use.



Outputs:

- Refined silicon (metallurgical grade → semiconductor grade)
- Refined copper
- Lithium, nickel, cobalt chemicals (e.g., lithium carbonate, nickel sulfate)
- Rare earth oxides and metals
- Other refined metals and specialty chemicals

3 COMPONENT AND MATERIAL MANUFACTURING

Refined materials are turned into electronic and industrial inputs.




Key Inputs:

- Polysilicon and silicon wafers
- Specialty gases and chemicals (e.g., for etching, deposition)
- Metals and alloys (copper foils, aluminum, etc.)
- High-performance magnets
- Battery materials
- Substrates, glass, ceramics, and packaging materials

4 SEMICONDUCTOR CHIP PRODUCTION

Design, fabrication and packaging of microchips that power AI systems.



Main Steps:

1. Chip design (architecture)
2. Wafer fabrication (lithography, etching, deposition, etc.)
3. Testing and quality control
4. Packaging and assembly

5 HARDWARE MANUFACTURING

Chips are integrated into electronic components, computing hardware and systems.



Examples:

- Processors (CPUs, GPUs, AI chips)
- Memory chips (DRAM, HBM)
- Storage (SSDs)
- Power management chips
- Sensors and other components
- Servers, data center equipment
- Consumer electronics devices
- Military-grade hardware

6 AI SYSTEMS AND INFRASTRUCTURE

Chips and hardware are used in data centers, cloud computing and AI systems.



Key Elements:

- Data centers and supercomputers
- Cloud infrastructure
- AI software, operating systems and models
- Large-scale data storage and networking
- High energy and cooling systems
- Specialized AI chips (e.g., GPUs, TPUs, AI accelerators)

FINAL PRODUCTS AND APPLICATIONS

CONSUMER PRODUCTS

AI-enabled devices and services for everyday use.



- Smartphones, laptops, tablets
- Smart home devices (speakers, TVs, appliances)
- Electric vehicles
- AI-powered apps and services (search, social media, entertainment, education, healthcare, finance, etc.)

INDUSTRIAL AND COMMERCIAL APPLICATIONS

AI in various economic sectors.



- Manufacturing and automation (smart factories)
- Energy (grid management, renewable energy)
- Agriculture (precision farming)
- Logistics and supply chain management
- Healthcare (diagnostics, drug discovery)
- Finance (algorithmic trading, risk analysis)
- Public services (transport, urban planning, disaster response)

MILITARY HARDWARE AND SYSTEMS

AI for modern warfare and security.



- AI-enabled drones (air, land and sea)
- Autonomous weapons systems
- Advanced fighter aircraft and missile systems
- AI-powered surveillance and reconnaissance (satellites, sensors)
- Cyberwarfare and electronic warfare systems
- AI command, control and battlefield decision systems
- Military logistics and autonomous vehicles

Ang malalaking korporasyong kumokontrol sa AI at semiconductor ngayon

1. Ang pandaigdigang industriya ay nakasalalay sa magkakaugnay na malalaking korporasyon.

Kumpanya	Pangunahing Papel
NVIDIA (galing sa terminong Next Version at Invidia, gawang US)	Disenyo ng advanced AI processors
TSMC (Taiwan Semiconductor Mfg. Company)	Pag-manufacture ng advanced chips para sa iba't ibang kumpanya
ASML (Advanced Semiconductor Material Lithography, gawang Netherlands)	Makinaryang lithography para sa advanced chip production
Samsung Electronics (South Korea)	Memory chips at semiconductor manufacturing
Intel (US)	Chip design at manufacturing
Microsoft at Google (US)	Cloud computing, data centers, at AI systems
OpenAI at Anthropic (US)	Pagpapaunlad ng advanced AI models

Big Tech (Magnificent 7 using AI technology)



Kompitensya sa China

1. Ang China ang pangunahing kakompitensya ng U.S. sa AI. Kahit nangunguna ang US at allied corporations sa chipmaking, may malaking domestic AI industry ang China at unti-unting lumalapit na ito sa kakayahan ng U.S. industries.
2. Ang kompetisyon ay sumasaklaw sa buong industrial system ng AI: paggamit ng critical minerals, semiconductor manufacturing, advanced processors, data centers, AI models, robotics, electricity, at military applications. China is particularly strong sa industrial manufacturing, large-scale AI deployment, robotics, domestic technological integration, at competitive AI models.
3. Sa advanced AI processors, may Huawei, Ascend, Cambricon, at iba pang domestic chip designers ang China. Sa advanced chip manufacturing, may SMIC at Hua Hong ang China. Sa chipmaking equipment, may Naura, AMEC, at iba pang domestic suppliers ang China. Meron ding DeepSeek, Alibaba Qwen at Cloud, Baidu, at Tencent Cloud ang China. Sa critical minerals, may rare-earth processing at iba pang strategic mineral supply chains ang China.
4. Hindi lahat ng AI companies ng China ay state-owned. May kombinasyon ng privately owned, publicly listed, at state-linked technology companies na nasa ilalim ng substantial government industrial planning. Kaya dapat ding malaman na nananatili ang labor exploitation, inequality, surveillance, o kompetisyon sa merkado at rekurso ang AI industry sa China.

China's competition



Pax Silica at imperyalistang gyera

1. Ang Pax Silica ay hindi direktang sanhi ng mga digmaan. Pero bahagi ito ng mas malawak na estratehiyang pinag-uugnay ang kompetisyon sa kapital, teknolohiya, impluwensiyang pampulitika, at kapangyarihang militar.
2. Ginagamit ito sa mga tinatawag na 'forever wars' na mga digmaan at interbensiyong militar na nagpapatuloy o paulit-ulit na lumilitaw nang walang malinaw na pangmatagalang resolusyon.
3. Makikita ito sa ilang pangunahing rehiyon:
 - Palestine at Gaza. Pangunahing alyado ng U.S. ang Israel sa Middle East. Mahalagang salik ang suportang militar at diplomatiko ng Washington sa pananakop ng Israel sa Palestine. Malawakang inilulunsad ng Israel ang genocide sa Gaza na pumatay na ng 74,475 na Palestino, na may 21,000 ang sanggol at mga bata.
 - Iran at Middle East. Sinimulan ng U.S. at Israel ang pag-atake sa Iran noong 2026. Layunin nitong kontrolin ang estratehikong lokasyon ng Iran, kunin ang langis, i-secure ang mga kaalyado, at ang mga ruta ng enerhiya, partikular ang Strait of Hormuz. Overstretched na ang digmaan ng U.S. dahil itinuturing nitong pangunahin ang pagkontrol sa Indo-Pacific kaysa Middle East.
 - Ukraine. Ang digmaan ay nagsimula sa malawakang pagsalakay ng Russia noong February 2022. Paraan ito para pigilin ang saklaw ng NATO (at U.S.) sa mga bansa sa Eastern Europe. Bagamat may pananagutan ang Russia sa pagsalakay sa Ukraine at ang karapatan nito sa sariling pagpapasya, ang pagpapalawak ng NATO na may suporta ng U.S. ang isang pinagmumulan ng tunggalian.
 - Taiwan at South China Sea. Ito ang pangunahing mga flashpoint sa Indo-Pacific. Nakaugnay dito ang kompetisyon ng U.S. at China sa semiconductor, maritime trade, estratehikong lokasyon, at kapangyarihang militar. Ang pagpapalawak ng military deployments at mga alyansa ay magpapalala ng panganib ng armadong komprontasyon.

Ugnayan ng mga digmaang ito

1. Hindi magkakaparehas ang sanhi ng mga digmaang ito. Ngunit nagaganap ang mga ito sa loob ng pandaigdigang sistemang may matinding kompetisyon sa kapital, teritoryo, enerhiya, teknolohiya, at impluwensiyang pampulitika.
2. Nagiging mahalaga ang AI at semiconductor industry sa produksyon ng para sa modernong digmaan – sa intelligence, surveillance, cyber operations, drones, at advanced weapons.
3. Samakatwid, dapat suriin ang Pax Silica bilang bahagi ng pagtatayo ng teknolohikal at industriyal na kapasidad na may kahalagahan sa kapangyarihang pang-ekonomiya at militar ng U.S. at mga kaalyado nito.

Ang Pax Silica at imperyalismo

1. Ang Pax Silica ay pagsusulong ng kapitalistang sistema na matagal nang inaral ni V.I. Lenin sa akdang *Imperialism, the Highest Stage of Capitalism* (1916). Sa imperyalismo, ang economic situation ay umabot na sa limang pangunahing katangian ng imperyalismo:

(1) Konsentrasyon ng produksyon at kapital na humahantong sa paglitaw ng mga monopolyo.

(2) Pagsasanib ng kapital ng bangko at industriyal na kapital sa finance capital.

(3) Lumalaking kahalagahan ng export of capital, bukod sa export of commodities.

(4) Pagbuo ng mga internasyonal na monopolyo at kapitalistang samahan na naghahati sapandaigdigang pamilihan.


(5) Paghahati ng teritoryo ng daigdig sa pagitan ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan.

2 May pagkakatulad ito ngayon sa ilalim ng pag-aagawan sa pagkontrol ng AI:

- Una, may matinding konsentrasyon ng monopolyo kapital. Ilang malalaking korporasyon ang nangingibabaw sa advanced chip design, semiconductor fabrication, cloud computing, AI models, at mahahalagang digital platforms.
- Ikalawa, nagsasanib ang teknolohiya, finance capital, at kapangyarihan ng estado. Napakalaking pamumuhunan ang kailangan sa AI infrastructure. Nakaugnay dito ang malalaking korporasyon, bangko, investment funds, at mga patakarang pang-industriya at panseguridad ng estado.
- Ikatlo, may bagong internasyonal na dibisyon ng paggawa. Ang ilang bansa ay sentro ng advanced design, research, patents, at mataas na halagang produksyon. Ang iba naman ay nakatuon sa pagmimina, assembly, testing, logistics, at murang paggawa.
- Ikaapat, lumalala ang kompetisyon sa pandaigdigang pamilihan at impluwensiya. Ang tunggalian ng U.S. at China ay umaabot sa AI, semiconductors, critical minerals, enerhiya, trade routes, at mga alyansang pampolitika at militar.
- Ikalima, may mga pagsisikap na reorganisahin ang pandaigdigang ekonomiya. Sa pamamagitan ng Pax Silica, export controls, at mga estratehikong partnership, sinisikap ng U.S. na panatilihin ang kalamangan nito at baguhin ang organisasyon ng pandaigdigang supply chains.

3. Dapat unawain ang mga pagbabagong ito bilang kontemporaryong reorganisasyon at tunggalian sa muling paghahati ng mga pamilihan, teknolohiya, rekurso, at saklaw ng impluwensiya sa ilalim ng monopolyo kapitalismo.
4. May mga bagong katangian ang kasalukuyang yugto: digital platforms, AI, digital data, intellectual property, global production networks, at mas masalimuot na ugnayan ng mga magkakatatunggaling ekonomiya.
5. Hindi lumilikha ng ganap na bagong yugto ang AI sa imperyalismong sinuri ni Lenin. Maituturing itong isang malaking teknolohikal na pagbabago sa loob ng kontemporaryong monopolyo kapitalismo.
6. Ang mahalagang punto: ang teknolohiya ay nagbabago, ngunit nananatili ang tunggalian sa pagmamay-ari, akumulasyon ng kapital, monopolyo, at kapangyarihan sa pandaigdigang ekonomiya.

Is it the 6th Kondratieff Wave yet?



Source: Allianz Global Investors 2010 Report –
 "The Sixth Kondratieff, long waves of prosperity"
 Updated to Q3 2015 by deconstructingrisk.com

Kondratieff Wave (K-wave)

1. Isang teorya ni Nikolai Kondratieff, Russian economist (1920s-1930s), na ang kapitalistang ekonomiya ay sumulong sa mga cycles ng boom at bust ayon sa pag-unlad ng teknolohiya o productive forces (kasama ang skilled ng manggagawa).*
2. May ikaanim na cycle na ng pagsulong ng productive forces mula (1) 1780-1830 na discovery ng steam engine; (2) 1830-1880: steel at railways; (3) 1880-1930: electrification at chemicals industry; (4) 1930-1970: kotse at petrochemicals at pharmaceutical industry; (5) 1970-2010: IT at communications technology; (6) 2010-hanggang ngayon: pagsulpot ng AI at mga gamit nito sa iba't ibang industriya.
3. Nagaganap ang boom ng ekonomiya, pero tumutungo ito sa bust o krisis dahil ang mga pagsulong sa productive forces ay hawak ng mga kapitalista at hindi kayang bilhin ng manggagawa at masa.

Dapat bang tutulan ng mga sosyalista ang A.I.?

1. Hindi. Ang AI ay isang malaking pagsulong ng mga produktibong pwersa ng lipunan. May kakayahan itong baguhin ang industriya, agrikultura, edukasyon, medisina, transportasyon, pananaliksik, at iba pang larangan ng produksyon at serbisyonang panlipunan.
2. Maaari nitong pataasin ang produktibidad, bawasan ang mapanganib at paulit-ulit na paggawa, paikliin ang oras ng trabaho, at palawakin ang kakayahan ng sangkatauhan na tugunan ang pangangailangan ng lahat.
3. Sa *Grundrisse* (1857–1858), tinalakay na ni Karl Marx ang lumalaking papel ng agham, teknolohiya, at panlipunang kaalaman – ang general intellect – bilang produktibong pwersa. Ang AI ay maaaring unawain bilang makabagong pagpapahayag ng ganitong pag-unlad.
4. Ngunit may pangunahing kontradiksyon sa ilalim ng kapitalismo.

Ang AI ay produkto ng kolektibong paggawa, agham, pananaliksik, at naipong kaalaman ng sangkatauhan. Gayunman, ang pinakamahahalagang teknolohiya at imprastruktura na ito ay kontrolado ng malalaking pribadong korporasyon. Magsisilbi lamang ito sa hangarin nglimpak-limpak na tubo.

Habang tumataas ang produktibidad, pwedeng gamitin ang AI para magtanggagawa, magpababa ng gastos sa paggawa, palakihin ang tubo, at palawakin ang kontrol ng kapital sa produksyon.

Sa halip na awtomatikong makinabang ang manggagawa sa mas maikling oras ng trabaho at mas mataas na sahod, lilikha pa ito ng matinding kawalan ng seguridad sa trabaho.

5. Ito ang kontradiksyon ng panlipunang produksyon, sa isang banda, at pribadong pagkamkam sa malaking bahagi ng bunga nito, sa kabilang banda.

Dapat ipaglaban ng sosyalistang kilusan

1. Mga kagyat na demands hinggil sa AI na dapat ipaglaban ngayon:

- Gamitin ang AI sa pakinabang ng buong lipunan, hindi lamang sa pagpapalaki ng pribadong tubo. Gamitin sa kalusugan, edukasyon, agrikultura, industriya, transportasyon, pampublikong serbisyo, at iba pang pangangailangan ng masa.
- Gamitin para paikliin ang oras ng paggawa nang walang bawas-sahod, may seguridad sa trabaho, at may partisipasyon ng mga unyon sa pagpapasya sa automation.
- Gamitin sa pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng sariling teknolohiya.
- Gamitin sa pagpapalawak ng pampublikong pagmamay-ari at demokratikong kontrol sa estratehikong industriya, kabilang ang mahahalagang imprastruktura, enerhiya, likas na yaman, at teknolohiyang may malaking kahalagahan sa lipunan.
- Ipagbawal ang paggamit nito sa militarisasyon at marahas na pamamaraan. Hindi dapat gamitin sa malawakang surveillance, panunupil, at mga sandatang walang sapat na pananagutan at kontrol ang tao.
- Gamitin bilang proteksyon sa kalikasan at karapatan ng mga komunidad. Tiyakin na ang pagmimina, data centers, at industrial hubs ay hindi magdudulot ng pagkasira ng kalikasan, pangangamkam ng lupa, o paglabag sa karapatan ng mga katutubo.
- Gamitin sa malayang patakarang panlabas at internasyonal na kooperasyon.
- Makipagtulungan sa iba't ibang bansa sa pagpapaunlad ng teknolohiya nang hindi isinusuko ang pambansang soberanya o nagpapailalim sa tunggalian ng mga makapangyarihang estado.

Sosyalistang alternatiba

1. Hindi ito hindi simpleng pagpapalit sa U.S. ng China bilang pangunahing dayuhang kasosyo, kundi pagtatayo ng isang sovereign, nagsasarili, demokratiko, at industriyalisadong ekonomiyang nakatuon sa pangangailangan ng mamamayan.
2. Hindi laban sa AI ang mga sosyalista. Ang sosyalismo ay laban sa monopolyo, pagsasamantala, militarisasyon, at pribadong pagkamkam sa mga bunga ng kolektibong paggawa at kaalaman. Dapat gamitin ang pinakamataas na antas ng agham at teknolohiya para paunlarin ang produktibong kapasidad ng lipunan, paikliin ang kailangang oras ng paggawa, wakasan ang kahirapan, at palawakin ang oras ng pahinga, kalayaan, at kakayahan ng bawat tao.
3. Sa Pilipinas, nangangahulugan ito ng pakikibaka para sa pambansang industriyalisasyon, soberanya, karapatan ng manggagawa, at demokratikong kontrol sa mga estratehikong industriya bilang bahagi ng transisyon tungong sosyalismo.
4. Ang mapagpasyang tanong ay hindi lamang kung sino ang mananalò sa kompetisyon sa AI – ang kampong U.S. o ang China – kundi kung sino ang magmamay-ari, magkukontrol, atmakikinabang sa napakalaking produktibong kapangyarihang nililikha nito.
5. Ang teknolohiya ay dapat magpalaya sa tao mula sa pagsasamantala at kahirapan, hindimaging bagong instrumento ng monopolyo kapital at digmaan. #